Headline	Paggamit ng Dengvaxia vaccine inaprubahan nang U.S. FDA; ilang kondisyon inilatag
MediaTitle	Philippine Daily Inquirer(www.inquirer.net)
Date	03 May 2019
Section	NEWS
Order Rank	1
Language	English
Journalist	N/A
Frequency	Daily

Paggamit ng Dengvaxia vaccine inaprubahan nang U.S. FDA; ilang kondisyon inilatag

Inaprubahan na ng U.S. Food and Drug Administration (FDA) ang Dengvaxia vaccine o ang bakuna kontra sa sakit na dengue.
Pero naglatag ng kondisyon ang U.S. FDA para sa paggamit ng nasabing bakuna para maiwasan ang lahat ng uri ng dengue virus serotypes.

Ayon sa U.S. FDA, ang bakuna ay pwede lamang gamitin sa mga edad 9 hanggang 16 na dati nang na-diagnose sa dengue infection o ‘do kakya ay naninirahan sa dengue endemic areas.

Sa datos ng FDA, sa ngayon endemic ang sakit na dengue sa U.S. territories na American Samoa, Guam, Puerto Rico at U.S. Virgin Islands.

Magugunitang ang Dengvaxia ay naging kontrobersyal dito sa Pilipinas makaraang iturok sa mga bata maging ang mga hindi pa nagkakaroon ng sakit na dengue.

Kalaunan, mismong ang Sanofi Pasteur na may gawa ng bakuna ang nagsabi na ang bakuna ay maari lamang iturok sa mga batang kumpirmadong nagkaroon ng nasabing sakit.